

Pag-aalaga sa isang taong nagpapagaling mula sa pagbigay ng pangkalahatang pampamanhid o pampatulog

Maaaring hindi makapag-isip nang maayos ang mga pasyente at maaaring maapektuhan ang kanilang pagpapasya hanggang 24 na oras pagkatapos ng pagbigay ng pangkalahatang pampamanhid o pampatulog.

Sa panahong ito, sila ay:

- hindi maaaring managot para sa mga bata o ibang tao sa kanilang pangangalaga
- hindi maaaring magmaneho ng sasakyan o magbisikleta
- hindi maaaring magluto o gumamit ng anumang makinarya
- hindi maaaring gumawa ng anumang mahahalagang desisyon, kahit na sa tingin nila ay maayos ang kanilang pakiramdam
- dapat iwasang mag-"post" sa social media o mga pampublikong forum
- hindi maaaring uminom ng alak.

Hiniling sa iyo na dalhin ang isang kamag-anak o kaibigan sa bahay at sila ay alagaan pagkatapos bigyan ng pampatulog o isang pamamaraan sa ilalim ng pangkalahatang pampamanhid. Ang leaflet na ito ay nagbibigay sa iyo ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa kung ano ang dapat at hindi dapat gawin habang sila ay nagpapagaling at kung ano ang dapat mong asahan. Makakatulong ito sa iyo na magplano nang maaga.

Ano ang dapat kong asahan?

Ang gamot na pampatulog o pampamanhid ay maaaring magdulot ng bahagyang pagkalito sa ilang pasyente at pagkalula pagkatapos ng kanilang paggamot. Mahalagang malaman na maaari itong makaapekto sa kanilang paghuhusga kaya sila ay hindi maaaring makapag-isip ng maayos. Ito ay maaaring tumagal ng hanggang 24 na oras, o hanggang sa susunod na araw. Dapat mo silang bantayang mabuti sa panahong ito. Makatutulong na isaalang-alang kung paano sila mamamahala kapag umuwi sila mula sa ospital.

Halimbawa, maaaring makatulong ang ilan kung ililipat ang kama sa pinakamababang palapag.

Kailan ko maaaring masundo ang aking kaibigan o kamag-anak?

Pahihintulutan lamang silang umuwi ng mga tauhan ng ospital kapag gumaling na sila mula sa gamutan, at naroon ka upang samahan sila. Dahil hindi dapat magmaneho ang mga pasyente sa loob ng 24 na oras pagkatapos ng pangkalahatang pampamanhid o pampatulog, dapat ikaw ay may hustong gulang na higit sa 18 taong gulang at dapat mo silang ihatid pauwi sakay ng kotse o taxi – hindi pampublikong sasakyan.

Ang tauhan ng ospital ay hindi makakapagbigay sa iyo ng eksaktong oras ng paglabas dahil mas matagal gumaling ang ilang mga pasyente pagkatapos ng pangkalahatang pampamanhid o pampatulog o surgery. Gayunpaman, bibigyan ka ng tinatayang oras o numerong tatawagan. Kukunin din ng nars ang numero ng iyong telepono para makipag-ugnayan sa iyo. Kung hindi makalakad ang pasyente, dapat magbigay ng wheelchair para ligtas silang makapunta sa iyong sasakyan

Sasabihin ba sa akin kung ano ang kailangan kong gawin?

Ang mga doktor ay magbibigay ng nakasulat na mga tagubilin na partikular sa iyong kaibigan o kamag-anak, na dapat ay kasama ang:

- ano ang aasahan sa kanilang pag-uwi
- mga tagubilin tungkol sa pagkain, pag-inom at pag-inom ng kanilang normal na gamot pagkatapos ng operasyon
- anumang bagay na dapat abangan at isang numero na dapat kontakin sa ospital kung mayroon kang anumang mga katanungan o kung masama ang pakiramdam nila
- mga bagay na maaari at hindi nilang gawin pagkatapos ng kanilang operasyon
- impormasyon tungkol sa anumang karagdagang gamot na maaaring kailanganin nilang inumin, gaya ng pampa-lunas sa sakit
- impormasyon tungkol sa paghuhugas at pangangalaga ng mga sugat. Dapat mong basahin ang mga tagubiling ito kasama ng iyong kaibigan o kamag-anak at tumulong na matiyak na sinusunod ang mga ito.

Ano ang dapat gawin ng aking kaibigan o kamag-anak sa bahay?

Ito ay magdedepende sa uri ng pamamaraan na kanilang ginawa at sa mga tagubilin mula sa ospital. Sa pangkalahatan, dapat silang:

- magpahinga nang husto para matulungan silang gumaling
- huwag lumakad nang walang tulong kung sila ay nahihilo, at iwasan ang mga hagdan
- maingat na sundin ang mga tagubilin mula sa ospital tungkol sa pag-inom ng kanilang karaniwang gamot at anumang karagdagang pampa-lunas sa sakit

- sundin ang mga tagubilin na ibinigay sa kanila ng ospital tungkol sa pagkain, pag-inom at paghugas ng katawan.

Ano ang hindi nila dapat gawin?

Maaaring silang hindi makapag-isip nang malinaw at maaaring maapektuhan ang kanilang pagpapasya hanggang 24 na oras pagkatapos ng pangkalahatang pampamanhid o pampatulog. Sa panahong ito, sila ay:

- hindi maaaring managot para sa mga bata o ibang tao sa kanilang pangangalaga
- hindi maaaring magmaneho ng sasakyan o magbisikleta
- hindi maaaring magluto o gumamit ng anumang makinarya
- hindi maaaring uminom ng alak.
- hindi maaaring gumawa ng anumang mahahalagang desisyon, kahit na sa tingin nila ay maayos ang kanilang pakiramdam
- dapat iwasang mag-"post" sa social media o mga pampublikong forum

Sinisikap naming tiyaking tumpak at napapanahon ang impormasyon sa polyetong ito, ngunit hindi namin ito magagarantiya. Hindi namin inaasahan na masasagot ng pangkalahatang impormasyon na ito ang lahat ng posibleng tanong mo o na matatalakay nito ang lahat ng maaaring mahalaga para sa iyo. Dapat mong talakayin ang iyong mga desisyon at anumang alalahanin mo sa iyong medikal na team, gamit ang polyetong ito bilang gabay. Hindi dapat ituring na payo ang polyetong ito. Hindi ito maaaring gamitin para sa anumang layuning komersyal o pangnegosyo. Para mabasa ang buong disclaimer, mag-click dito (www.rcoa.ac.uk/patient-information/translations/tagalog).

Gawa ang lahat ng pagsasalin ng komunidad ng mga tagasalin ng Translators Without Borders. Sinusuri ang kalidad ng mga pagsasalang ito para masigurong tumpak hangga't maaari ang mga salin, ngunit maaaring magkaroon ng mga hindi tumpak na salin at maling pagpapakahulugan sa ilang impormasyon.

Sabihin sa amin kung ano ang iyong palagay

Tumatanggap kami ng mga mungkahi upang pagandahin ang leaflet na ito.

Kung mayroon kang anumang mga puna na nais mong gawin, mangyaring i-email ang mga ito sa: patientinformation@rcoa.ac.uk

Royal College of Anaesthetists

Churchill House, 35 Red Lion Square, London WC1R 4SG
020 7092 1500

www.rcoa.ac.uk

Ikalawang Edisyon, Nobyembre 2021

Ang leaflet na ito ay susuriin sa loob ng tatlong taon mula sa araw ng paglathala.

© 2021 Royal College of Anaesthetists

Ang leaflet na ito ay maaaring makopya para sa layunin ng paggawa ng mga materyales sa impormasyon ng pasyente. Mangyaring i-quote ang original source na ito. Kung nais mong gamiting ang bahagi ng leaflet na ito sa ibang publikasyon, dapat bigyan ng angkop na pagkilala at aalisin ang mga logo, tatak at mga imahen. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnay sa amin.